Sa Lahat ng Mamamayan～Mensahe mula sa Mayor

Pagbati sa inyong lahat, ako po si Yuriko Okamura, Mayor ng Lungsod ng Kawaguchi.

Napakabilis po ng panahon, anim na buwan na ang lumipas mula ng mahirang na Mayor ng Lungsod ng Kawaguchi. Sa lumipas na anim na buwan, mapalad ako na magkaroon ng pagkakataon na marinig ang opiniyon ng mga residente sa pamamagitan ng pagbisita sa iba't-ibang lugar ng lungsod. Sa kabila ng mga salitang nagpapalakas ng loob, narinig ko rin ang mga opinyon ng mga mamamayan tungkol sa pamamahala ng lungsod maliban sa mga suliranin ng mga residente sa pang araw-araw na pamumuhay,. Marami pong salamat.

Sa pakikipag usap sa mga mamamayan, napagtanto kong muli na maraming mga tao ang may malasakit sa kanilang komyunidad at umaasa na maging mas maayos ang Lungsd ng Kawaguchi. Naramdaman ko na "ang lungsod ay mayroon pang malaking potensiyal".

Sa kabilang banda, ang pagtugon sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin para protektahan ang araw-araw na pamumuhay ng mga residente, ang pagpapabuti ng mga administratibong serbisyo tulad ng hakbang sa paghahanda sa kalamidad, pag iwas sa krimen, pataasin ang antas ng pagpapalaki ng mga bata, pagsasaayos ng mga pasilidad sa edukasyon, pagpapalawig ng serbisyong panlipunan sa matatanda at may kapansanan, at palakasin ang lokal na ekonomiya, mga suliranin na dapat bigyan-pansin. Sa kasalukuyang situwasyon, isa-isang inaasikaso ang pagpapabuti ng pamumuhay ng lahat ng residente. Ngayon, nagbukas ng "Lugar ng konsultasyon sa usapin ng dayuhang residente" upang maresolba ang mga suliranin ng kahit na sino at makapamuhay ng ligtas, pagbibigay ng suporta sa maliliit at katam-tamang laking negosyo na nagkaroon ng malaking epekto dahil sa situwasyon sa gitnang- silangan, at ang pagkakaroon ng "talakayan ng mga mag-aaral sa junior at senior high school sa pagbibigay ng mungkahi sa patakaran" upang mamulat ang ang kaisipan ng mga mamamayan.

Upang maipatupad ang isinusulong kong 6 na pangunahing patakaran, nagpasa ako ng panukalang batas para sa karagdagang pondo na napahintulutan sa nakaraang assembly na ginawa noong Hunyo. Bilang detalye, ang karagdagang pondo ay gagamitin para sa pagpapaayos ng silid-aklatan upang maging komportable ang mga mag aaral sa paaralan, pondo upang maiwasan ang second-hand smoke para maipagawa ang itinalagang lugar sa paninigarilyo sa harap ng paradahan ng bisikleta sa kawaguchi Station East Exit, pondo para sa pagpapakabit ng outdoor mist shower sa pedestrian deck sa harap ng Kawaguchi Station bilang pangangalaga sa kaligtasan sa init, at pondo para sa film-making para makagawa ng campaign movie upang mapalawak ang kaalaman ng publiko sa mabilis na paglutas sa problema ng kidnapping at para mabilis na maipatupad ang pagsasagawa ng 4 na

proyekto.

Dahil sa patuloy na naitalang init ng nakarang taon, upang mapangalagaan ang kaligtasan at kalusugan ng mga pumupunta at kasali sa pagdiriwang ng tradisyonal na "TATARA MATSURI" ng lungsod, isang espesyal na atraksyon tuwing tag-init, napagpasiyahan na baguhin ang petsa at ganapin ito sa loob ng 2 araw, sa Setyembre 26 (Sabado) at Setyembre 27 (Linggo). Ang TATARA MATSURI na minahal nating lahat bilang tradisyon sa tag-init sa loob na maraming taon ay gaganapin ngayong taon bilang Autum TATARA MATSURI. Ipagdiwang ang bagong atraksyon at saya kasama ang lahat. Inaasahan po namin ang inyong pagdalo.

Patuloy kaming makikinig sa boses ng bawat mamamayan upang itaguyod ang isang lungsod kung saan masasabi ng bawat isa na "masaya maniniraan dito, at nanaisin na manatili sa mga susunod pang taon". Sama-sama po mag tratrabaho ang lahat ng opisyal at kawani ng lungsod para sa isang administrasyong nakikinig sa pangangailangan ng mamamayan, inaasahan po namin ang inyong patuloy na pagtitiwala.

2026 Agosto

Yuriko Okamura
Kawaguchi Mayor